

Ang Tulong Pinansyal para sa Mga Pasyenteng Mababa ang Kita, Walang Insurance at Hindi Sapat ang Insurance (“Patakaran sa Tulong Pinansyal”) ng Atlantic Health System (“AHS”), Inc. ay tumutulong sa mga pasyenteng kwalipikado para sa lahat o bahagi ng pang-emergency o medikal na kinakailangang pangangalagang natatanggap nila sa mga ospital ng AHS. Kabilang dito ang Morristown Medical Center, Overlook Medical Center, Chilton Medical Center, Newton Medical Center, Atlantic Rehabilitation Institute, Hackettstown Medical Center at saanmang lokasyon ng AHS na itinalaga bilang nakabatay sa provider alinsunod sa mga panuntunan ng Pederal. Dapat sagutan ng mga pasyente ang isang aplikasyon upang makahingi ng tulong sa kanilang bill at dapat ay matugunan nila ang mga kinakailangan sa ibaba upang maging kwalipikado para sa tulong pinansyal.

#### Paano ako makakahingi ng tulong sa aking bill?

Upang makapagpasya kung gaano kalaking tulong ang iyong makukuha sa iyong bill sa ospital, titingnan namin ang kabuuang kita ng iyong pamilya at ihahambing ang numerong iyon sa Antas ng Kahirapan ng Pederal. Ang Pederal na Antas ng Antas ng Kahirapan ng Pederal ay ang pinakamababang halaga ng pera na kailangan ng pamilya para sa pagkain, tirahan at ibang mga pangangailangan ayon sa Pamahalaan ng U.S.. Makakakuha ka ng tulong para sa bayarin mo sa ospital sa pamamagitan ng Charity Care na programa ng NJ kung ikaw ay:

- 1) Walang insurance para sa kalusugan (o insurance para sa kalusugan na bahagi lang ng iyong bill ang binabayaran),
- 2) Hindi natutugunan ang mga kinakailangan para sa pribadong insurance o insurance na sinusuportahan ng pamahalaan,
- 3) Natutugunan ang mga limitasyon sa kita at pag-aari na itinakda ng Estado.

Sasaklawin ng Charity Care ang 100% ng mga singil sa ospital para sa mga pasyente na ang kabuuang kita ng pamilya ay mas mababa sa o katumbas ng 200% ng antas ng kahirapan ng pederal; ang bahagi ng mga singil sa ospital para sa mga pasyente na ang kabuuang kita ng pamilya ay mahigit sa 200% pero mas mababa sa o katumbas ng 300% ng antas ng kahirapan ng pederal.

Kung wala kang insurance, nakatira sa New Jersey at hindi kwalipikado para sa mga programa sa tulong pinansyal ng Pederal o Estado (bukod sa Charity Care), maaaring magagawa mo pa ring humingi ng diskwento sa iyong bill para sa pang-emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga kung ang kabuuang halaga ng perang kinikita ng iyong pamilya ay mas mababa sa halaga ng Antas ng Kahirapan ng Pederal na na-multiply sa lima (500% ng Antas ng Kahirapan ng Pederal).

#### Paano ako makakakuha ng kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansyal? Paano ako makakakuha ng aplikasyon?

- Mag-online sa: [www.atlantichealth.org/financialassistance](http://www.atlantichealth.org/financialassistance)
- Sumulat o tumawag sa:
  - Morristown Medical Center, 100 Madison Avenue, Morristown, New Jersey 07960, Financial Counseling Office, Tumawag sa 973-971-8964, Fax, 973-401-2433, E-mail, [fior.gonzalez@atlantichealth.org](mailto:fior.gonzalez@atlantichealth.org)
  - Overlook Medical Center, 99 Beauvoir Avenue, Summit, New Jersey, 07901, Numero ng Telepono 908-522-4689, Fax, 908-522-2031, E-mail, [angela.algarin@atlantichealth.org](mailto:angela.algarin@atlantichealth.org)
  - Chilton Medical Center, 97 West Parkway, Pompton Plains, New Jersey, 07444, Numero ng Telepono 973-831-5113, Fax, 973-907-1037, E-mail, [adriana.munoz@atlantichealth.org](mailto:adriana.munoz@atlantichealth.org)
  - Newton Medical Center, 175 High Street, Newton, New Jersey, 07860, Numero ng Telepono 973-579-8407, Fax, 973-579-8814, E-mail, [victoria.goncalves@atlantichealth.org](mailto:victoria.goncalves@atlantichealth.org)
  - [Hackettstown Medical Center, 651 Willow Grove Street, Hackettstown, New Jersey, 07840, Numero ng Telepono 908-850-6902, Fax, 908-441-1146, E-mail, \[margit.santos@atlantichealth.org\]\(mailto:margit.santos@atlantichealth.org\)](http://atlantichealth.org/hackettstown)
  - Departamento ng Serbisyo sa Customer (Customer Service Department) sa 1-800-619-4024.
- Nang personal sa Mga Pang-emergency na Departamento at Tanggapan para sa Pagpapayong Pinansyal (Emergency Departments and Financial Counseling Offices)

Maaari mong dalhin ang iyong aplikasyon sa ospital nang personal, ipadala ito sa pamamagitan ng koreo, fax o i-email. Titingnan ng AHS ang iyong aplikasyon kapag natapos na ito at aalamin nito kung gaano kalaking tulong ang maaari mong makuha sa iyong bill. Hindi titingnan ng AHS ang mga hindi pa tapos na aplikasyon, ngunit bibigyan ka nito ng pagkakataong ipadala ang kulang na impormasyon bago ang isang partikular na petsa.

#### Mayroon bang tulong sa wika?

Maaaring available sa iyong wika ang Patakaran sa Tulong Pinansyal, aplikasyon at isang buod ng Patakaran sa Tulong Pinansyal. Para sa impormasyon tungkol sa serbisyong ito o para sa anumang iba pang mga tanong tungkol sa tulong sa pagbabayad sa iyong bill sa ospital, tawagan ang Departamento ng Serbisyo sa Customer (Customer Service Department) sa 1-800-619-4024 o bumisita sa aming website. Maaari ka ring bumisita sa isang Tanggapan para sa Pagpapayong Pinansyal (Financial Counseling Office) sa isa sa aming mga ospital **Lunes – Biyernes, 8:00 am – 4:00 pm.**